

Impormasyon ng Pasyente

TYRVAYA® (Teer-vye-ah)

(varenicline solution)

spray sa ilong, ginagamit sa pag-spray sa loob ng ilong

Ano ang TYRVAYA?

Ang TYRVAYA ay isang de-resetang spray sa ilong na ginagamit upang gamutin ang mga palatandaan at sintomas ng sakit sa tuyong mata.

Bago mo gamitin ang TYRVAYA, sabihin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa lahat ng iyong medikal na kondisyon, kabilang kung ikaw ay:

- buntis o planong magbuntis. Hindi alam kung mapipinsala ng TYRVAYA ang iyong hindi pa isinisilang na sanggol.
- ay nagpapasuso o nagpaplanong magpasuso. Hindi alam kung ang TYRVAYA ay maipapasa sa gatas ng iyong suso. Ikaw at ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat magpasya kung gagamitin mo ang TYRVAYA kung plano mong magpasuso.

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa lahat ng mga gamot na iyong iniinom, kabilang ang mga de-reseta at nabibiling gamot, bitamina, at mga herbal na suplemento.

Alamin ang mga gamot na iniinom mo. Panatilihin ang isang listahan ng mga ito upang ipakita sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at parmasyutiko kapag kumuha ka ng bagong gamot.

Paano ko dapat gamitin ang TYRVAYA?

- Tingnan ang Mga Tagubilin sa Paggamit sa dulo ng leaflet ng Impormasyon ng Pasyente para sa impormasyon tungkol sa tamang paraan ng paggamit ng TYRVAYA.
- Pinapataas ng TYRVAYA ang produksyon ng luha sa mata pagkatapos mai-spray sa ilong.
- Gamitin ang TYRVAYA nang eksakto tulad ng sinasabi sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamitin ito.
- Huwag kalugin ang mga bote.
- I-spray ang TYRVAYA 1 beses sa bawat butas ng ilong, 2 beses araw-araw (mga 12 oras ang pagitan).
- Ang 1-buwang suplay ng TYRVAYA ay binubuo ng 2 bote ng spray sa ilong. Tapusin ang 1 bote bago buksan ang pangalawa. Ang TYRVAYA ay nasa mga boteng lalagyan na may puting pump para sa ilong at asul na takip.
- Kung napalampas mo ang isang dosis ng TYRVAYA, laktawan ang dosis na iyon at inumin ang iyong susunod na dosis sa iyong regular na nakaiskedyul na oras. Huwag maglagay ng extra na dosis para sa napalampas na dosis.

Ano ang mga posibleng masamang epekto ng TYRVAYA?

Ang pinakakaraniwang masamang hindi kanais-nais na epekto ng TYRVAYA ay ang pagbahin, ubo, at pangangati ng lalamunan at ilong.

Hindi lamang ito ang mga hindi kanais-nais na epekto ng TYRVAYA. Tawagan ang iyong doktor para sa medikal na payo tungkol sa mga hindi kanais-nais na epekto.

Maaari kang mag-ulat ng mga hindi kanais-nais na epekto sa FDA sa 1-800-FDA-1088.

Paano ko dapat iimbak ang TYRVAYA?

- Itabi ang TYRVAYA sa temperatura ng kuwarto sa pagitan ng 68°F hanggang 77°F (20°C hanggang 25°C).
- Huwag ilagay sa freezer.
- Itapon (ibasura) ang bote ng TYRVAYA nasal spray 30 araw pagkatapos ng unang paggamit.

Panatilihin ang TYRVAYA at lahat ng mga gamot na hindi maaabot ng mga bata.

Pangkalahatang impormasyon tungkol sa ligtas at epektibong paggamit ng TYRVAYA.

Ang mga gamot ay minsan inireseta para sa mga layunin maliban sa mga nakalista sa isang leaflet ng Impormasyon ng Pasyente. Huwag gumamit ng TYRVAYA para sa isang kondisyon kung saan hindi ito inireseta. Huwag magbigay ng TYRVAYA sa ibang tao, kahit na mayroon silang parehong mga sintomas na mayroon ka. Maaari itong makapinsala sa kanila. Maaari mong tanungin ang iyong parmasyutiko o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa impormasyon tungkol sa TYRVAYA na isinulat para sa mga propesyonal sa kalusugan.

Ano ang mga sangkap sa TYRVAYA?

Aktibong sangkap: varenicline tartrate

Mga hindi aktibong sangkap: sodium phosphate dibasic heptahydrate, monobasic sodium phosphate anhydrous, sodium chloride, sodium hydroxide at/o hydrochloric acid (upang ayusin ang pH) at tubig para sa iniksiyon.

Ang TYRVAYA® ay isang rehistradong trademark ng Oyster Point Pharma, Inc., isang Viatrix Kumpanya.

Ang TYRVAYA® at/o ang paggamit ng TYRVAYA® sa isang paraan ay maaaring saklawin ng isa o higit pang mga patent o aplikasyon ng patent, na makuha sa www.oysterpointrx.com/patent-notice.

Ginawa para sa: Oyster Point Pharma, Inc., 202 Carnegie Center, Suite 106, Princeton, NJ 08540